

# PAGKAMIT SA PINTUANG-BAYAN

## NG KAAWAY PAGKATAPOS

### NG PAGSUBOK



Napapaisip nga ako . . . Alam n'yo, may kaunting iniisip ako rito, na para bang, gusto kong makita ang mga tao na tumayo sa pagbasa natin sa Salita. Hindi ba't gusto n'yo 'yan? Tayo nga'y tumatayo sa tuwing nanunumpa tayo ng katapatan, tayo nga'y tumatayo para sa ating bansa, kaya bakit di tayo tumayo para sa Salita sa mga sandaling ito?

<sup>2</sup> Habang nakatayo tayo pansumandali. May binabasa akong artikulo hindi pa katagalan, at iniisip ko nga 'yung mga tao na 'yun na nagsitayo para kay Cristo. Kung di n'yo pa nagagawa 'yun, bakit hindi n'yo subukang gawin 'yun ngayon mismo?

<sup>3</sup> May isa pong kilalang ebanghelista, mga pitumpu't limang taon na ang nakararaan, hindi ko lang po maisip ang pangalan niya. Sa pagkakaalala ko ay Arthur McCoy, at kanyang naikot na ang buong bansa. At isang gabi may napanaginipan siya na siya raw ay tumawid na dun sa Kaluwalhatian. At ang sabi raw ay dumating siya roon sa may Malaking Pintuan, at ang sabi niya'y ayaw raw siyang papasukin. At kaya ang sabi raw niya, "Ako si Arthur McCoy mula sa Estados Unidos, isa akong ebanghelista."

<sup>4</sup> Kaya nagpaunlak na 'yung bantay sa may pintuan, (ngayon sa panaginip po ito), at pumasok na siya, sabi, "Hindi ko talaga makita ang pangalan mo."

Sabi niya, "Buweno, isa akong ebanghelista."

Sabi nung bantay, "Ginoo, akin lang pong . . ."

<sup>5</sup> Sabi niya, "Buweno, baka naman . . . May mali lang marahil sa kung saan."

<sup>6</sup> Sabi nung bantay, "Wala, po. Heto po sa harapan ko ang Aklat. Hindi ko talaga makita ang pangalan mo."

At sabi niya, "Buweno, may magagawa ba akong remedyo sa bagay na ito?"

<sup>7</sup> Sabi nung bantay, "Maaari mong iapela ang kaso mo sa Puting Luklukan ng Paghatol." Diyos, kahabagan. Ayaw kong malagay sa ganoong situwasyon.

<sup>8</sup> Sabi niya, "Buweno, kung 'yun na lang marahil ang pag-asa ko, sa palagay ko'y iaapela ko roon ang aking kaso kung ganoon."

<sup>9</sup> At sabi para bang bigla na lang siyang napunta sa isang malayong lugar, at bigla na lang. . . At nung papunta na raw siya, sabi may kadiliman daw, at bigla na lang nagliwanag nang nagliwanag, at ang sabi para raw walang dakong hintuan ang pagkalat ng Liwanag, na haya't nasa kalagitnaan daw siya Nun mismo. At sabi ang sabi raw Nun, "Sino ka na dumudulog sa Aking Luklukan ng Paghatol?"

<sup>10</sup> Ang sabi niya, "Ako po si Arthur McCoy. Isa po akong ebangelista, marami po akong naiakay na kaluluwa patungo sa Kaharian."

Sabi Nun, "Ang pangalan mo ba'y hindi natagpuan doon sa Aklat?"

"Hindi po."

Sabi, "Kaya ka ba umaapela sa Aking Korte?"

"Opo, ganoon na nga po."

<sup>11</sup> "Kung ganoon mabibigyan ka ng katarungan. Lilitisin Kita sa pamamagitan ng Aking mga batas. Arthur McCoy, ikaw ba'y nakapagsinungaling sa tanang buhay mo?"

<sup>12</sup> Sabi niya, "Sa isip ko'y isa akong mabuti't tuwid na tao hanggang sa tumayo ako roon sa Liwanag na 'yun." Sabi niya, "Pero sa Presensya ng Liwanag na 'yun doon, isa pala akong makasalanan." Tayo nga'y magiging ganoon ang pakiramdam. Marahil sa ngayon ay panatag na panatag ka sa sarili mo, pero hintayin n'yo lang na makadako kayo Roon. Dito pa lang ay ano na po ang nararamdaman n'yo sa pahid Niya? Napaka liit na nga ng pakiramdan n'yo! Gaano pa kaya kapag doon na sa Puting Luklukan ng Paghatol?"

Sabi Nun, "Ikaw ba'y nakapagsinungaling sa tanang buhay mo?"

<sup>13</sup> Sabi niya, "Iniisip ko na napaka tapat ko, pero may ilang mumunting bagay na sa isip-isip ko ay kaunting banayad na pagsisinungaling lang naman, pero Doon pala'y napakalaki na nila't napakaitim pa."

Sabi niya, "Siyanga, po, nakapagsinungaling ako."

Sabi Nun, "Ikaw ba'y nakapagnakaw sa tanang buhay mo?"

<sup>14</sup> Sabi niya, "Iniisip ko na napaka tapat ko na sa lagay na 'yun, at hindi ako nakapagnakaw kailanman," pero sabi, "doon sa Presensya ng Liwanag na 'yun, aking—aking napag isip-isip na may mga transaksyon akong pinasok, na hindi pala tama."

Sabi niya, "Siyanga, po, nakapagnakaw ako."

Sabi Nun, "Ang Aking hatol. . ."

<sup>15</sup> At siya nga'y naghihintay na lang doon na marinig 'yung magiging sintensya niya, "Lumayas ka patungo dun sa walang katapusang apoy na 'yun na inihanda para sa diyablo at sa mga

anghel niya,” ang sabi pa’y para raw magkakalasan na ’yung bawat buto niya.

<sup>16</sup> Sabi, “Narinig ko ang pinaka banayad na Tinig na narinig ko kailanman sa buong buhay ko.” Sabi niya, “Nung lumingon ako para sumulyap, nakita ko ang pinaka banayad na mukhang nakita ko kailanman; mas banayad pa sa mukha ng nanay ko, mas banayad pa ang tinig kaysa sa nanay ko na tumatawag sa akin.” Sabi, “Napatingin ako sa paligid. Narinig ko ang isang Tinig, sabi, ‘Ama, siyanga’t totoo, na nagawa niyang makapag sinungaling at hindi siya naging ganoong katapat. Pero, sa lupa ay siya nga’y tumayo para sa Akin,’ sabi, ‘ngayon Ako ay tatayo sa kanyang puwesto.’”

<sup>17</sup> Ganoon nga ang nais kong mangyari sa dakong ’yun Doon. Gusto kong dito pa lamang ay makatayo na ako para sa Kanya ngayon, nang sa gayon, pagdating ng panahon na ’yun, Siya ay tatayo sa aking puwesto.

<sup>18</sup> Magbasa po tayo sa Genesis 22: ika-15, ika-16, ika-17, at ika-18 mga talata.

*At tinawag ng anghel ng PANGINOON si Abraham na ikalawa mula sa langit.*

*At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang PANGINOON, sapagka’t ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak:*

*Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, . . . sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang kaaway;*

*At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka’t sinunod mo ang aking tinig.*

Manalangin tayo.

<sup>19</sup> Makalangit na Ama, Iyo pong kunin ang teksto ngayon, at magministro sa amin. Nawa’y dalhin ng Espiritu Santo ang mga Salita, Panginoon, diretso sa bawat puso. Nang sa gayon ang aming mga inaasam sa hapon na ito’y makamit, sapagkat ang mga ito’y napakalaki, Panginoon. At Iyo nga pong sinabi sa amin na kami’y humingi nang may kasaganaan, nang sa gayon ang aming kaligayahan ay mapuno. Amin po itong hinihingi sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Maaari na kayong makaupo.

<sup>20</sup> Kung pamamagatan ko ang tekstong ito, sa ilang sandali. Ang boses ko nga’y mahina, kaya ’yan ang rason kung bakit kinakailangan kong tumayo malapit sa mikropono. Alam ko na may alingawngaw, pero pagtiisan lang po natin nang kaunti.

Nais ko pong pamagatan ito na: *Pagkamit Sa Pintuang-Bayan Ng Kaaway Pagkatapos Ng Pagsubok.*

<sup>21</sup> Ang pambungad na eksena natin ay isa sa pinaka kahanga-hangang eksena kay Abraham. Alam n'yo nga na si Abraham ang ama ng mga matatapat. At ang pangako ay ipinangako kay Abraham. At ang pagiging tagapagmana lamang sa kanya, sa pamamagitan ni Cristo, ang tanging nag-iisang paraan lamang para tayo ay tumanggap sa pangako, ay sa pamamagitan nga ni Abraham. Ngayon, si Abraham ay isa lamang ordinaryong tao, pero siya nga'y tinawag ng Diyos at siya'y naging matapat sa tawag na 'yun. Nung magsalita sa kanya ang Diyos, ni minsan ay di nag-alinlangan si Abraham sa Tinig na 'yun. Siya nga'y nanatili Roon. Maski ano pang paghihirap ang pinagdaanan, siya nga'y nanatili Roon.

<sup>22</sup> At mangyari ngang siya'y pinangakuan ng isang anak na lalaki. At naghintay siya nang dalawampu't limang taon para matamo ang anak na lalaking 'yun, itinuturing ang anumang bagay na kontra dun na walang anuman 'yun. At pagkatapos, haya't sa anak na lalaking ito, ang lahat ng pamilya sa lupa ay pagpapalain. At ang patriyarka ay naging tapat sa pagkatawag sa kanya at sa ipinangakong Salita.

<sup>23</sup> Siya nga'y naging halimbawa kung ano na ba dapat tayo. Ngayon tayo, yamang mga patay na kay Cristo, tayo ay Binhi ni Abraham.

<sup>24</sup> Ngayon, may dalawang binhi nga ni Abraham. Ang isa rito ay ang natural na binhi; ang isa naman ay espirituwal na Binhi. Ang isa nga rito ay sa natural, sa pamamagitan ng laman; ang isa naman ay yaong Binhi ng kanyang pananampalataya, ng pananampalataya, nang sa gayon tayo ay maging Binhi ni Abraham sa pamamagitan ng ipinangakong Salita.

<sup>25</sup> At ngayon pagkatapos na siya'y subukin sa haba ng nasa dalawampu't limang taon din, at, sa halip na siya'y manghina, siya'y mas lumakas pa. Kita n'yo, kung di 'yun maganap nung unang taon, sa susunod na taon 'yun nga'y magiging isang higit na himala, dahil dalawang taon po ang lumipas. At dumagdag nang dumagdag ang mga taon na 'yun sa kanya, habang siya'y patanda nang patanda, at ang katawan pa niya'y namamatay na. Ang mga sinapupunan nga ni Sarah, sinapupunan, o hayan nga't (naging) ito'y lipas na. At mangyari ngang ang kanyang lakas ay pumaram na, at mangyaring. . . Napaka imposible nun talaga.

<sup>26</sup> Nagawa n'yo na bang isipin kung ano 'yung ginawang 'yun doon ng Diyos? Kita n'yo, hindi nga Niya basta ginawa na lang na panumbalikin ang kanyang sinapupunan. Dahil, alalahanin n'yo, kung 'yun lang ang ginawa Niya, haya't alalahanin n'yo kung 'yun lang ang ginawa Niya. . . mangyari kasing wala pa sila noong mga botelyang galing sa istante ng pangkalusugan at kalinisan, noong araw, para ibigay sa sanggol, na gatás mula

sa baka. Kita n'yo? Kinakailangan nga Niyang . . . Yun kasing mga daluyan niya ng gatas sa katawan ay nangatuyo nang husto. Kaya di nga Niya—di nga Niya basta na lang . . . Kinakailangan na mangyari ang isang bagay.

<sup>27</sup> Tapos, tingnan n'yo nga ang isang babae, na sandaan taong gulang na't, dadanas ng hirap sa panganganak. Hindi nga 'yun kakayanin ng puso niya. Ngayon nga'y napaka hirap na para sa isang babae, na apatnapung taong gulang, na manganak. Hindi 'yun kakayanin ng puso niya. Kaya alam n'yo ba kung anong ginawa Niya? Kung mapapansin n'yo . . .

<sup>28</sup> Ngayon alam ko na marami ang di sasang-ayon. Kung ayos lang po ba sa inyo na sabihin ko ang pahayag na ito? Kita n'yo, ako . . . Sa ganang akin lang naman po ito.

<sup>29</sup> Kita n'yo, ang Biblia nga'y isang sobrenatural na Aklat. Isinulat ito sa paraan na may paglilihim sa mga eskuwelahan, teologo. Ilan po ang nakakaalam n'yan? Pinasalamatang nga noon ni Jesus ang Diyos. Sabi Niya, "Ako'y nagpapasalamat sa Iyo, Ama, na Iyong inilihim Ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag Ito sa mga sanggol na kanila itong malaman." Aklat nga ito ng pag-ibig. Kapag pumasok ang pag-ibig ng Diyos sa puso, iibigin mo nang lubos ang Diyos, at pagkatapos ihahayag Niya Mismo, ang kahulugan ng Biblia. Ang kapaliwanagan ng Biblia ay ang Diyos Mismo na binibigyang kapaliwanagan ang Kanyang mga pangako. Pero haya't, ang Biblia, ang pagkasulat Nito ay may nakapaloob na lihim sa pagitan ng talata.

<sup>30</sup> Ngayon, tulad na lang sa maybahay ko, oh, siya nga ang pinaka kahanga-hangang babae sa buong mundo, at mahal na mahal ko siya talaga. Mahal niya ako. Kaya naman sa tuwing ako'y may lakad at wala sa bahay, susulatan niya ako ng liham, sasabihin, "Mahal na Billy, ngayong gabi pinatulog ko na ang mga bata. Naglaba ako," at mga bagay na ginawa niya, at iba pa. Ngayon 'yun 'yung nakasaad niya sa liham. Pero, kita n'yo, mahal na mahal ko nga siya, na anupa't talagang isa kami, na magagawa kong—magagawa kong basahin ang ibig niyang sabihin sa pagitan ng mga talata. Alam na alam ko ang gusto niyang sabihin, kita n'yo, sabihin man niya 'yun sa akin nang diretsahan o hindi, kita n'yo. Alam ko—alam ko ang ibig niyang sabihin, dahil bunsod nga ito ng pag-ibig ko sa kanya, at pagka unawa ko.

<sup>31</sup> Buweno, sa ganoong paraan nga naisulat ang Biblia. Kita n'yo? Ang mga—ang mga iskolar ay mapapalampas nila 'yun; di nila 'yun mauunawaan. Kita n'yo, kinakailangan n'yo kasing maramdaman na mahal na mahal n'yo ang Salita, Siya, "para mapagkilala Siya." Kita n'yo?

<sup>32</sup> Ngayon, ngayon dito, pagmasdan n'yo po ang ginawa Niya rito. Ngayon si Abraham at Sarah ay kapwa matanda na, "lipas na," sabi ng Biblia. Ngayon hindi lang sinabi dun na anupa't

sila'y matagal lang na nagsasama. Ang sabi ng Biblia, "Sila'y lipas na sa panahon."

<sup>33</sup> Ngayon pansinin, pagkatapos na pagkatapos na magpakita ang Anghel na ito, na lagi nating ipinapangusap; ito ngang si Elohim, Diyos. At ang sabi Niya, sinabi kay Abraham, "Ako'y dadalaw sa iyo sa ganitong panahon ng taon na darating." Ngayon pagmasdan n'yo nga itong lahat hanggang sa pababa nito, ang lahat ng ito'y tipo ng Iglesya, hanggang sa pababang bahagi pa nito.

<sup>34</sup> Ngayon masdan. Heto nga ang nangyari. Ngayon, di lang Niya basta nirime-remedyuhan si Sarah, at nirime-remedyuhan si Abraham. Kanyang ibinalik sila na maging kabataang lalaki at babae. Ngayon mukha ngang kakaiba ito, pero tingnan n'yo nga kung ano pang sinasabi ng Salita, at paglakip-lakipin ito. Ang Salita po ay kinasihan, at kinakailangan mong makasihan ng Salita. Ngayon, alalahanin, pagkatapos na pagkatapos nga nun, matapos nga na magpakita itong Anghel na ito . . .

<sup>35</sup> Nakikinita ko nga 'yun, itong nag-uubang buhok ni Sarah, matandang lola na may suot-suot na alampay sa balikat niya, at may maliit na gorang pananggalang sa alikabok, hawak ang isang tungkod, palakad-lakad doon. "Ako, magtatamo pa ng kaligayahan sa piling ng aking panginoon, samantalang siya'y matanda na, rin?" Kita n'yo? At heto nga si Abraham, mahaba ang balbas, may hawak-hawak na tungkod, hayan nga siya, pinaglipasan na ng panahon.

<sup>36</sup> At nakikinita ko nga, nung sumunod na umaga, ang mga balikat niya'y nagsisimula nang tumuwid, 'yung umbok niya sa likod ay naglaho na. Ang buhok niya'y nangingitim uli. Sila'y nanumbalik sa pagiging kabataang lalaki at babae. Ipinapakita nga n'yan kung anong gagawin Niya sa Maharlikang Binhi ni Abraham, kita n'yo, kapag tayo'y "babaguhin na sa isang iglap, sa isang kisp-mata, at aagawing magkakasama."

<sup>37</sup> Masdan n'yo nga ang nangyari. Ngayon hayaan n'yong patunayan ko ito sa inyo. Ngayon sila nga'y naglakbay mula sa dakong 'yun na kinaroroonan nila, sa dako ng Gomorra; at naglakbay hanggang sa makarating ng Gerar, doon sa lupaing 'yun ng mga Filisteo. Napansin n'yo ba? Markahan n'yo po sa mapa, kung gaanong kalayo 'yun. Talagang mahabang lakbayin para sa matandang mag-asawa na ganoon na ang edad.

<sup>38</sup> At heto nga, maliban pa dun, sa—sa lupain ng mga Filisteo, may isa roong kabataang hari na nagngangalang Abimelech, at siya'y naghahanap dun ng mapapangasawa. At sa dako naman niyang 'yun ay may naggagandahan siya roong mga Filisteong kadalagahan, pero nung makita niya po si lola, napasabi siya, "ang babaing ito'y magandang pagmasdan," at ang hari nga'y napaibig sa kanya at gusto siyang pakasalan. Siyanga. Uh-huh. Kita n'yo, siya'y napakaganda. Kita n'yo?

39 Nanumbalik siya sa pagiging kabataang babae. Pansinin, kinakailangan nga niyang maging ganoon, upang dalhin ang sanggol. Ginawa siya ng Diyos na maging bagong nilalang. At nararapat lamang na siya'y magka ganoon, upang dalhin ang sanggol na 'yun. At alalahanin n'yo, si Abraham, "mistulang patay na ang kanyang katawan," at si Sarah nga'y namatay nung si Abraham ay . . . o si Isaac ay apatnapu't limang taong gulang, sa palagay ko, nung mamatay si Sarah. At si Abraham ay nag-asawa noon ng ibang babae at nagkaroon pa ng pitong anak na lalaki maliban pa sa mga anak na babae, pagkatapos nun. Amen.

40 Kita n'yo, may mababasa sa pagitan ng mga talata. Isa 'yung tipo. Ipinapakita nga nito kung anong gagawin Niya sa lahat ng mga Anak ni Abraham. Mangyaring papunta na talaga tayo sa ganoon, kaya naman itong mga hukot nating mga balik at lahat ng kung anu-ano'y wala itong anuman, mga kaibigan. At maging itong nag-uuban nating mga buhok at kung anuman, wala po itong anuman. Di na natin ito lilingunin pa. Tayo nga'y tumuon na nang pausad sa bagay na papunta tayo.

41 At alalahanin n'yo, itong tanda na nakikita natin, ito ang pinaka huling tanda na nakita ni Abraham at ng Sarah niya, bago dumating ang ipinangakong anak na lalaki na maisilang. Nananampalataya tayong narito na tayo sa oras na 'yan mismo.

42 Ito nga pong patriyarka, matapos na maisilang ng batang lalaking ito. . . Nakikinita n'yo ba si Isaac, mga nasa labing-dalawang taong gulang; kalugud-lugod na munting, batang lalaki na paalon-alon ang buhok, kulay tsokolate ang mumunti niyang mga mata? Nakikinita ko ang grabeng kalugurang dama ng kanyang nanay; maganda't batang-batang babae, at ganoon din, maging ang kanyang tatay. At isang araw, sabi ng Diyos, ngayon, bilang pagtitipo po lamang; kung sa atin ay hindi na ganito, kapag dumating ang oras na ito. "Ginawa Kitang ama ng mga bansa, sa pamamagitan ng batang lalaking ito, pero gusto Kong kunin mo ang batang lalaking ito at dalhin siya sa ibabaw ng bundok na Aking ipakikita sa iyo, at gusto Kong patayin mo siya sa dakong 'yun, bilang hain." Nakikinita n'yo ba 'yun?

43 Ngayon hindi pa nga kayo natatawag sa ganitong pagsubok katulad nun. Hindi na nga Niya ginagawa ang ganito. Isa po lamang itong pagtitipo, mga anino.

44 Si Abraham ba'y natakot? Hindi, po. Ito pa nga ang sinabi ni Abraham, "Ako'y lubos na nananalig na may kakayahan Siyang ibangon ang bata mula sa mga patay, sapagkat ako man din ay mula sa mga patay nung natanggap ko siya. At kung ang kautusang 'yan ng Diyos ay ipinag-uutos sa akin na gawin, at ako nga'y nanatiling tapat doon noon, at nagpanagumpay, na ako'y nabigyan ng anak na lalaki; ang Diyos nga'y tiyak na may kakayahang ibangon ang batang ito mula sa mga patay; na ako

man din ay mula sa mga patay nung natanggap ko siya, bilang isang halimbawa.”

<sup>45</sup> Oh, grabe, kaibigan! Kung nagawa ng Diyos na bigyan kayo na mga Pentecostal ng Espiritu Santo, makapagsalita ng iba't ibang wika, gaano pa kayang mas dapat sampalatayanan n'yo ang Kanyang kapangyarihang makapagpagaling, at ang Kanyang kabutihan at awa! Kung naipangyari nga Niya 'yun, taliwas man sa lahat ng mga teologo ng bansa! Ang sabi nila'y hindi raw 'yun maipangyari, pero ipinangyari nga ng Diyos ang bagay na 'yun dahil 'yun mismo ang ipinangako Niya. Kung ganoon ay tumayo ka na hawak-hawak ang iyong Baril, ang iyong Salita, ang iyong Tabak, sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Sinabi 'yun ng Diyos, at 'yun na 'yun!

<sup>46</sup> Pansinin, ngayon, siya nga'y inabot siya ng tatlong araw na paglalakbay mula roon, kasama ang mga mola. Ngayon kaya ko pong maglakad, noong nasa pagroronda pa ako, tatlumpung milya ang nilalakad ko kada araw, sa ilang; at de gasolina ang aming mga paa, kung matatawag na ganun. Pero sila nga noon dun, ang tanging transportasyon lang nila noon, ay sumakay ng asno o—o maglakad. At siya nga'y humayo sa tatlong araw na paglalakbay mula sa kinaroroonan niya, at nung itanaw niya ang kanyang mga mata, sa lawak ng ilang, at natanaw niya sa kalayuan ang bundok.

<sup>47</sup> Kinuha niya si Isaac at itinali ang kanyang mga kamay. Na, gaya ng nalalaman natin, dito sa Genesis 22, na tumitipo kay Cristo. Dinala siya paakyat ng bundok, nakatali, gaya ni Jesus nung dalhin paakyat sa bundok, Bundok ng Kalbaryo; tipo ng Diyos na ibinibigay ang Kanyang Anak, hayan nga.

<sup>48</sup> Pero nung nakaakyat na siya roon, at siya nga'y tumalima, si Isaac ay para bang nagtataka na. Sabi niya, “Ama, heto ang kahoy, heto ang dambana, heto ang apoy, pero nasaan po ang hain?”

<sup>49</sup> At si Abraham, yamang natatalos 'yun sa isip niya, pero sa kabila nun ay nakatayo roon ang Salita ng Diyos, sabi niya, “Anak ko, ang Diyos ay may kakayahan sa ganang Kanya na maghanda ng haing handog.” Tinawag niya ang lugar na 'yun na, “Jehovah-Jireh.”

<sup>50</sup> At nung talian na niya ang kanyang anak mismo, siya nga'y tumalima sa kamatayan; pinahiga na ang bata roon sa ibabaw ng dambana, inilabas ang sundang mula sa kaluban nito, at nakaumang na siyang kunin ang buhay ng sarili niyang anak. At, nung akma na niyang gagawin, may kung anong Bagay na nagpahinto sa kanyang kamay, at sabi, “Abraham, ihinto mo ang iyong kamay.”

<sup>51</sup> At nung mga sandaling 'yun, may tupang lalaki na umunga, sa likuran niya, na ang mga sungay nito'y nasabit dun sa ilang.



<sup>52</sup> Napapaisip ba kayo, kung saan nanggaling ang lalaking tupa na 'yun? Alalahanin n'yo, ang liblib na dakong 'yun ay punung-puno ng mga leon at mga lobo at mga asong-gubat, at mga hayop na naninila ng tupa. Tapos gaanong kalayo nga siya sa kabihasan? At, pagkatapos, naroon sa ibabaw ng bundok, kung saan walang tubig. At namulot pa nga siya ng mga bato, sa buong paligid, para magtayo ng dambana. Saan nanggaling ang lalaking tupa na 'yun? Kita n'yo?

<sup>53</sup> Haya't hindi nga 'yun isang pangitain lang. Pinatay niya 'yung lalaking tupa; may dugo 'yun. Heto't ano nga ang sinabi niya? "Ang Diyos ay may kakayahan sa ganang Kanya na maghanda ng haing handog."

<sup>54</sup> Papaano nga *kayo* makakaalis sa silyang de gulong na 'yan? Papaanong gagaling ang bata na 'yan na may epilepsy, o *kayo* mula sa silyang de gulong na 'yan, *kayo* mula riyan, *kayo* na may sakit sa puso? Anuman ang suliranin, "Ang Diyos ay may kakayahang maghanda sa ganang Kanya."

<sup>55</sup> Sinampalatayanan 'yun ni Abraham. Ang patriyarka'y nanatili lamang na tapat sa pangakong 'yun. At Kanya ngang ibinigay ang pangakong 'yun, na, "Ang iyong binhi! Yamang sumampalataya ka sa Aking Salita, at anuman ang situwasyon, ang binhi mo nga'y kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway nito."

<sup>56</sup> Bakit? Bawat isang kaaway na lumitaw, bilang halimbawa, laban kay Abraham, Abra- . . . Yung kaaway na 'yun na, "Siya'y matanda na. Ako'y matanda na. Lahat ng kesyo *ganito*, at kung anu-ano pa." Siya nga'y nanatiling tapat sa pangakong 'yun.

<sup>57</sup> Ngayon, ang isang tao na nakamit ang ganoong klase ng pananampalataya, siya nga'y maninindigan at maninindigan sa Salita ng Diyos anupaman ang situwasyon. Ngayon, kung di n'yo 'yan magawa, ibig sabihin hindi kayo Binhi ni Abraham. Ganoon kasi ang pananampalataya ni Abraham, ng kanyang Binhi.

<sup>58</sup> Ang pangako kay Abraham ay sa kanya ring "Binhi," ngayon sa kanyang maharlikang Binhi, rin, gaya ng nasabi ko na sa inyo kanina. At itong tatak na ito na Kanyang ibinigay kay Abraham, isa 'yung tatak ng pangako. At sa maharlikang Binhi, ayon sa Mga Taga-Efeso 4:30, ay "matatakan ng Espiritu Santo," matapos nilang mamayani sa pagsubok. Isipin n'yo nga 'yun.

<sup>59</sup> Marami ang nag-iisip na nakamit daw nila ang Espiritu Santo. Marami ang nag-aangkin na nasa kanila raw ang Espiritu Santo. Marami ang kayang magpakita ng maraming katunayan at mga tanda nito. Pero, gayumpaman, kung di ito makapanatili sa Salitang ito, hindi 'yun ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

<sup>60</sup> Kinakailangan mong sampalatayanan ang bawat Salita, at pagkatapos ay tatatakan ka na matapos ang pagsubok. Kung atin ngang sasampalatayanan ang bawat pangako sa Salita, kung ganoon tayo ay natatakan na ng Espiritu, para patunayan

ang pangako. Ganoon nga, ganoon ang nangyari kay Abraham, ganoon ang kanyang ginawa. Doon, at doon pa lamang, tayo magkakaroon ng karapatan na kamtin ang pintuang-bayan ng kaaway natin. Hinding-hindi mo 'yun makakayang gawin hangga't maging Binhi ka muna. Tandaan n'yo, sa Biblia . . .

<sup>61</sup> Naipangusap ko na ito minsan, sa Houston o kung saang lugar, sa iba . . . o, sa Dallas po pala. *Ang Tanda.*

<sup>62</sup> Kita n'yo, ang isang—isang Judio ay magagawa niyang ipakita, doon sa Israel, na siya'y Judio talaga sa pamamagitan ng pagtutuli. Pero ang sabi ng Diyos, “Kapag nakita Ko ang dugo! Haya't ang dugo na iyon ay magiging tanda para sa iyo.”

<sup>63</sup> Yaong buhay na naroon sa dugong 'yun ay hindi maaaring mapunta dun sa mananamba, dahil, hayan nga't, buhay 'yun ng hayop kasi, isa lamang 'yung anino na tumutugaygay doon sa tunay na Buhay. Kaya naman, 'yung kemistri na 'yun, 'yung dugo na 'yun mismo, ay kinakailangan na mailagay sa itaas ng pintuan at mga haligi ng pinto.

<sup>64</sup> Ipinahid gamit ang hisopo, na isang simpleng damo, haya't ipinapakita sa iyo riyan na hindi mo kailangan ng kung anong pakitang-gilas na pananampalataya. Taglayin mo lang 'yang siya ring parehong pananampalataya na taglay-taglay mo, gaya ng sa tuwing paaandarín mo ang iyong kotse, pupunta ka sa simbahan. Kita n'yo? Iniisip ng maraming tao na kailangan mo raw ng kung anong kagila-gilalas na bagay. . . Pero, hindi, hindi, hindi 'yun ganoon. Simpleng pananampalataya lang ang kailangan mo para ipahid ang Dugo. Pakinggan mo ang Salita, at sampalatayanan mo ang Salita, ipahid mo Ito, ganun lang. Mamulot ka lang ng mga damo saanmang dako sa Palestina, 'yun na mismo 'yung hisopo, mumunting damo na tumutubo sa mga bitak ng mga pader, at saan pang dako, basain ng dugo at ipahid 'yun sa itaas ng pinto at mga haligi ng pinto.

<sup>65</sup> At, alalahanin, hindi ko alintana kahit gaano pang naroon sila sa tipan, gaano pang maipakita ng Judio na siya'y tuli, gaano pang kabuting tao siya, lahat ng tipan na 'yun ay walang bisa maliban na lang na ang—ang tanda ay naroon. “Kapag nakita Ko ang dugo,” haya't sa ganoon lamang.

<sup>66</sup> Ngayon, ang Dugo ngayon, yaong Tanda, ay hindi 'yung kemistri, kemistri ng Dugo ng Diyos, dahil Iyon ay nabubo dalawang libong taon na ang nakararaan.

<sup>67</sup> Pero, nakita n'yo, naroon. . . doon sa kemistring 'yun dun, 'yung buhay nung hayop ay hinding-hindi maaaring mapunta sa tao, dahil ang buhay ng hayop ay walang kaluluwa. Walang alam ang hayop sa pagkakaiba ng tama sa mali. Ang tao ang mayroong kaluluwa.

<sup>68</sup> Ngayon, pero nung si Jesus, ang Anak ng Diyos, isinilang ng isang birhen, nabubo ang Kanyang Dugo, ang Buhay na 'yun na nasa Dugo ay ang Diyos Mismo. Sabi ng Biblia, “Tayo ay

naligtas sa pamamagitan ng Buhay, ng Dugo ng Diyos.” Hindi dugo ng Judio, hindi dugo ng Gentil; bagkus Buhay ng Diyos. Diyos mismo ang may likha sa selulang Dugo na ito, isinilang ng isang birhen. Hindi siya nasipingan ng kung sinumang lalaki, ni hindi nga kanya . . . ni hindi nga galing sa kanya ’yung itlog.

<sup>69</sup> Alam ko na marami sa inyo ang nais maniwala na kanya ’yung itlog. Hinding-hindi puwedeng magkaroon ng itlog dun ng walang sensasyon, ano na lang ang gagawin dun ng Diyos kung ganoon? Kita n’yo?

<sup>70</sup> Nilikha Niya kapwa ang itlog at ang selulang Dugo, at ’yun mismo ang tabernakulo ng Diyos, banal. “Hindi Ko titiisin ang Akin Mismong Banal na makakita ng kabulukan.” Nakita n’yo na ba kung saan nanggaling ang itlog? “Ni hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno.” Ang katawan Niya’y banal! Oh, grabe! kung di n’yo, kung di n’yo mapaniwalaan ’yan, papaanong natatawag n’yo ang inyong sarili na Cristiano?

<sup>71</sup> “Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos.” Dun nga nakalagak ang pananampalataya ko. Hindi ’yung lalakad ako dun sa dugo ng isang propeta, hindi ’yung lalakad ako dun sa dugo ng isang ordinaryong tao, o ng isang guro, o ng isang teologo. Lumalakad tayo dun sa Dugo ng Diyos. Yun mismo ang pagkakasabi ng Diyos. Siya’y naging tao. Binago Niya ang Kanyang hibla. Kanyang iniunat ang Kanyang tolda rito, sa piling natin, at naging isa sa atin. Siya ang Kamag-anak natin na Manunubos. Kinakailangan Niyang maging malapit na kamag-anak sa atin, dahil ’yun ang batas. Ang Diyos ay naging tao at nanahan sa kalagitnaan natin.

<sup>72</sup> Pansinin kung papaanong, sa pagpapangyari nun, na Siya ay nanggaling sa Kanya, na Diyos, yaong Espiritu, hayan nga’t ang Espiritu na ’yun ay nailagay sa mananampalataya. Ibig sabihin, ang Buhay na ’yun na naroon sa ating Hain, tayo nga’y nagkaroon ng pagkakakilanlan sa siya ring Buhay na ’yun.

<sup>73</sup> Kaya papaanong nakikita na nila ang Buhay ng Diyos na kumikilos sa kalagitnaan ng mga tao, pero nagagawa pa rin nilang tawagin Itong maruming bagay, gayong Iyon ang ating pagkakakilanlan sa Hain? “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Ang Kanyang Buhay mismo’y bumabalik dun sa ha- . . . mula sa Hain, habang ipinapatong natin ang ating mga kamay Roon at ating napagkikilala na tayo’y patay na sa ating sariling mga pag-iisip. Kung ganoon naman pala’y bakit hinahayaan natin ang mga denominasyon na ipagtulakan tayo patungo dun sa mga kredo at mga bagay-bagay, at pagkatapos sasabihin nating sinasampalatayan natin Ito? Tayo’y patay na dapat sa mga bagay na ’yun.

<sup>74</sup> Sabi ni Pablo, “Hindi ako magagambala ng mga bagay na ito,” dahil siya’y nakatali na sa isang pinaka saligan, si Cristo.

At bawat tunay na katagumpayan ay nakatali sa isang pinaka saligan, at ang pinaka saligan ko ay ang Salita. At sinupamang iba, na—na tunay na ipinanganak na sa Espiritu, ang pinaka saligan nga nila ay ang Salita ng Diyos. Nakatali na ako Roon. Akin nang ipinapatong ang aking mga kamay Roon. At kinuha na Nito ang aking lugar, at akin nang napagkikilala ang aking sarili sa Kanya. Batid natin na Kanya ngang ipinangako na Kanyang ipakikilala ang Kanyang Sarili sa atin. Magbubunsod ito ng tunay na pananampalataya; hindi pananampalataya na ganang sarili lang, bagkus pananampalataya Niya; bagay na hindi ikaw ang nagpapagana. Siya ang nagpapagana. Ngayon pansinin. Doon, at doon lamang, kapag ang . . . ang pangako ay ipangyari na sa iyo.

<sup>75</sup> Kahit gaanong karaming kaiglesyahan pa ang aniban mo, kahit gaano pang karaming beses ka mabautismuhan; paharap, patalikod, anumang gusto mo. Maliban na ang Tatak na 'yun ay mailagay sa iyo, wala ka ngang karapatan na tawagin ang iyong sarili na nakaugnay sa Hain mong 'yun.

<sup>76</sup> At ano ba ang Tatak ng Diyos? Mga Taga-Efeso 4:30, sabi, “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na kayo’y tinatakan na hanggang sa Araw ng iyong pagkatubos.” Hindi lang hanggang sa matapos ang isang rebaybal tapos lipat na naman sa iba, bagkus Walang Hanggan na kayong tinatakan hanggang sa Araw na kayo’y tubusin pabalik.

<sup>77</sup> At, alalahanin, kung wala kayo noon sa mga kaisipan ng Diyos, hinding-hindi ka maaaring mapasa Diyos kahit kailan. Ilan dito ang nakakaalam na Siya’y Manunubos nga? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Buweno, kung ganoon, ano mang bagay na tinutubos ay ipinanunumbalik nga sa kung saan ito nahulog. Kaya kung Siya’y dumating upang tubusin tayo, papaano nga tayo, na noon ay may isang pagkakataon na hindi tayo nangangailangan ng katubusan, at tayong lahat ay “ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng kasinungalingan”? Ipinapakita nga n’yan na ang tunay na Cristiano ay katangian na noon pa man ng pag-iisip ng Diyos, bago pa man magkaroon ng mundo, o ng bituwin, o ng hangin, o ng anupaman. Ito’y Walang Hanggan, at Siya’y naparito upang tubusin tayong muli’t maibalik. Ito’y kaisipan nga ng Diyos, na binigkas na naging salita, hinayag at tinu- . . . ipinanumbalik sa Kanyang kaisipan.

<sup>78</sup> Kamag-anak na Manunubos! Yan ang dahilan kung bakit ang Diyos Mismo ay kinailangang maging isa sa atin, upang magtubos. Wala kasing iba ang makakagawa nun. Hindi 'yun magagawa ng Anghel, walang iba. Kinakailangang Siya mismo ang bumaba, tuksuhin gaya natin, upang tubusin tayo.

<sup>79</sup> Pansinin n’yo ngayon itong natural na binhi ni Abraham. Siyasatin nga natin ang ilan sa mga natural na binhing ito, at

tingnan natin kung tinupad talaga ng Diyos ang Kanyang Salita sa natural na binhi, na si Isaac. Siyasatin natin ang ilan sa natural na binhi na nanampalataya sa buong pangako ng Diyos at hindi ito kinuwestiyon. Ngayon tandaan n'yo, nasa sampung makalibo't ilang libo't makailang libo ang natuli at lahat na, at sa kabila nun ay hindi Binhi ni Abraham. Tootoo 'yan, "Siya na Judio lamang sa labas ay hindi Judio; datapuwat siya na Judio sa loob." Sila, napakarami nila, na nabigo, ganun na lamang kapait ang pagkabigo.

<sup>80</sup> Masdan n'yo, doon sa ilang, sabi nila, "Kami'y. . ." Nung araw ng Paskuwa, o nung nagsiinom sila sa bukal, San Juan 6. Lahat sila'y nagsipagbunyi roon.

<sup>81</sup> Sabi ni Jesus, "Ako ang Bato na iyon sa ilang. Ako ang Tinapay na nanggaling mula sa Diyos, buhat sa Langit, kung kakanin nang tao ay di siya mamamatay."

<sup>82</sup> Sabi nila, "Ang mga magulang namin ay nagsikain ng manna sa ilang, nang apatnapung taon."

Sabi Niya, "At sila nga, bawat isa sa kanila, ay namatay."

<sup>83</sup> *Namatay*, kunin n'yo ang salitang 'yan at tugaygayin n'yo, kung ano ang ibig sabihin n'yan, "Mapasa Walang Hanggan na hiwalay." Pero sa kabila nun, sila'y binhi ni Abraham. Ang ibig sabihin ng *kamatayan* ay "pagkawalay, pagkalipol, lubusang pagkawasak, pagkalipol." Ang sabi nga ni Jesus, sila'y patay, bawat isa sa kanila, gayong sila'y mga Judiong natuli naman.

<sup>84</sup> Kita n'yo, mga kaawa-awang tao, basta Methodist daw sila, Baptist, Presbyterian, nakapangumpisal nang kaunti, at kung anu-ano pang bagay; pinapaniwalaan din 'yan ng diyablo kung paanong pinaniniwalaan natin 'yan.

<sup>85</sup> Pero kinakailangan n'yo ngang mapagkilanlan Dito. Diyos mismo ang magpapatotoo Rito, sa pamamagitan ng pagtatatak ng Espiritu Santo. Walang pag-aalinlangan sa Salita!

<sup>86</sup> Kung sasabihin mo, "Buweno, ngayon, para sa noong ibang panahon 'yan," may kung anong bagay nga na mali.

<sup>87</sup> Ano kaya kung may lalaking darating na nagtatatakbo, at sasabihin mo sa kanya na ang liwanag ay sumisinag, at tatakbo siya pababa dun sa pinaka ilalim ng bahay, sasabihin, "Basta ako itinatanggi ko 'yan. Basta ako itinatanggi ko 'yan. Walang ganyang bagay na sinasabi mong liwanag. Di ako naniniwala sa ganyan"? May kung anong bagay nga na mali sa lalaking 'yun. Siya'y may kakulangan sa pag-iisip. Kung tinatanggihan niya ang mainit na sinag at nagbibigay-buhay na daluyan nito, may kung anong bagay na mali sa lalaking 'yun, sa pag-iisip.

<sup>88</sup> At kapag ang isang tao ay nasaksihan na niya mismo ang Salita ng Diyos, ipinakita na nang hayag sa mismong harapan niya, at nakilala na 'yun, at tapos isasara naman at hahatakin pababa ang mga kurtina niya ng pagka-denominasyon, may

kung anong bagay na mali sa taong 'yun, sa espirituwal. May kung anong bagay na mali sa kanya. May kung anong bagay na mali sa kanya sa espirituwal. Na hindi niya Iyon matanggap-tanggap. “Bulag, at hindi iyon nalalaman,” magtutungo dun sa Paghatol, at ang Diyos ang magiging Tagahatol.

<sup>89</sup> Pansinin nung gawin nila—nila ito, at ito pong mga binhi ngayon na tunay namang sumampalataya Rito, masdan n'yo kung anong nangyari. Tingnan natin ang ilan sa kanila ngayon, binhi ni Abraham.

<sup>90</sup> Kunin nating halimbawa itong mga binatilyong Hebreo, dahil sila'y nanindigang totoo at di nagpadala sa pagsamba sa diyus-diyosan. Hindi sila pumayag na yumuko sa imahen na ginawa nung hari nung bansa na 'yun. Gayong inanyuan 'yun sa imahe ng isang taong banal, hayan nga, imahe ni Daniel.

<sup>91</sup> Ipinapakita nga riyon na ang salinlahi ng mga Gentil ay dinala noon sa maling panig ng pagsamba sa imahe ng isang taong banal. Ganitong-ganito rin ang nangyayari ngayon, na ang mga tao'y pinupuwera na sumamba sa mga imahe ng tao. Ang nagbunsod dun ay 'yung kapahayagan, ni Daniel nung magawa niyang bigyang kahulugan ang Salita, na nasusulat-kamay dun sa dingding. Yun nga ang nagbunsod nun, at sa ganoong paraan din 'yun naibunsod, ganoon din, sa imahe ng Gentil.

<sup>92</sup> Pansinin, tumanggi silang gawin 'yun. At anong ginawa nila? Sila'y binhi ni Abraham na nanindigang totoo sa Salita, at nakamit nila ang pintuang-bayan ng kaaway na 'yun, ang apoy. Nagawa nga nila. Buweno, ang Salita nga ng Diyos ay totoo.

<sup>93</sup> Si Daniel, sinubok siya nung sambahin niya ang nag-iisang tunay na Diyos. Sinubok siya roon. At sa panahon na 'yun ng pagsubok, siya ay namayani. At anong ginawa dun ng Diyos, matapos na kung titingnan ay nauubusan na siya ng pitsa sa mga sandaling 'yun, gaya ng sinasabi natin? At di nga nila alam kung ano nang gagawin. Ipapakain na nila siya roon sa leon. Pero si Daniel nga'y nanatiling tapat sa pagsubok man, na may nag-iisang tunay na Diyos talaga, at kanyang nakamit ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Itinikom ng Diyos ang bibig ng leon.

<sup>94</sup> Si Moises ay nanindigang matapat sa ipinangakong Salita, sa harap ng huwad na mga manggagaya roon, sina Jambres at Janes, sa pagsubok na 'yun. Masdan, kinatagpo siya ng Diyos, sa pamamagitan ng sobrenatural, sinabihan siya na humayo at gawin ang mga bagay na 'yun, ipakita ang mga tanda na 'yun, at bawat tanda ay may kalakip na tinig. Nagtungo si Moises sa dakong 'yun, na kumbinsidong tunay ang nalalaman niyang 'yun. Inihagis niya ang tungkod, at naging ahas 'yun. Alam n'yo ba kung anong nangyari? Heto na nga ang mga manggagaya't ginawa rin nila ang siya ring bagay na 'yun.

<sup>95</sup> Ngayon, di nga napataas ng kamay si Moises, na nagsabi, “Buweno, sa palagay ko'y di pala ito totoo.” Nanatili siya roon

at naghintay sa Diyos. Nanatiling tapat siya. Kahit gaano pang karaming panggagaya ang naroon, siya'y nanatiling tapat. At nung siya'y nanatiling tapat sa iniatas sa kanya, na dalhin ang mga tao roon palabas sa dakong 'yun, sa panahon na 'yun na nakaharang sa daraanan niya ang pintuang-bayan ng tubig, itinulot ng Diyos na kamtin niya 'yun, at binuksan niya ang pintuang-bayan sa pamamagitan ng Haliging Apoy na siyang nangunguna sa kanya. Dinala niya ang mga tao sa paglalakbay patungo sa lupang pangako.

<sup>96</sup> Si Josue, isa pong dakilang tagapanguna rin. Dadalawa lang po... ang nakapasok sa lupang pangako, sina Josue at Caleb. Dumako sila sa isang lugar na kung tawagin ay Kadesh, na sentro ng mundo nung panahon na 'yun, na anupa't 'yun ang luklukan ng paghatol. At, oh, nagsugo sila ng labing-dalawang tiktik para tingnan ang lupain, at labing-dalawa naman silang bumalik.

<sup>97</sup> Sabi nung sampu sa kanila, "Oh, napaka imposible. Hindi natin kayang gawin 'yun. Buweno, 'yung mga tao roon, mukha lang tayong mga tipaklong kapag itinabi sa kanila."

<sup>98</sup> Pero anong ginawa ni Josue? Pinahinahon niya ang mga tao. Sabi niya, "Sandali lang. Lubos ang kakayahan nating kunin ito, kahit gaano pang kaliit tayo, o kahit nasa panig tayo ng mga kakaunti." Ano 'yung ginagawa niyang 'yun dun? Siya ay tumindig nang totoo sa pangakong 'yun, "Ibibigay Ko sa inyo ang lupaing ito," pero kinakailangan n'yong ipaglaban ang bawat pulgada nito.

<sup>99</sup> Sinasampalatayanan mo ba 'yan, nanay? Ibinigay na sa iyo ng Diyos ang kagalingan, pero kinakailangan mong ipaglaban ang bawat pulgada nito. "Bawat dakong tungtungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay ko na sa inyo." Ang ibig sabihin ng *bakas ng paa* ay "pagkamit." Sa inyo na itong lahat-lahat, bawat pangako ay sa inyo na, pero kinakailangan n'yong ipaglaban ang bawat pulgada ng pagbagtas dito ngayon.

<sup>100</sup> Ngayon, batid nga ni Josue ang sinabi ng Diyos. Siya ay binhi ni Abraham. Kita n'yo? Sabi niya, "Naniniwala ako, na ibinigay na ng Diyos ang lupaing ito sa atin, at lubos ang kakayahan natin na kunin ito." At dahil sa namayani siya sa pagsubok na 'yun, sa harap ng buong grupo ng mga Israelita, haya't ang lahat ng mga tribo't lahat ng mga tao'y tumataghoy at nananangis. Sabi ni Josue, "Huminahon kayo! Ang Diyos ang gumawa ng pangako."

<sup>101</sup> Kahit gaano pang kalaki 'yan sa inyo, at anuman ang sabi-sabihin ng mga kumontra rito, at anuman ang sabihin ng doktor, ang Diyos ang gumawa ng pangako. Ang Diyos ang bahala na isakatuparan ito.

<sup>102</sup> Anong ginawa niya? Nung sumapit na siya roon sa ilog ng Jordan, kinamit niya ang pintuang-bayan. Yun nga ang ginawa niya—ginawa niya.

103 Ang Jerico, itinago ang sarili na parang pagong na nagtago sa kanyang matigas na bahay. Anong ginawa niya? Kanyang kinamit ang pintuang-bayan.

104 Maging 'yung isang araw nung akma nang gagapiin siya ng kanyang kaaway, kinamit niya ang pintuang-bayan ng kaaway na anupa't inutusan niya ang araw na tumigil. At tumalima ang araw, at hindi umikot nang dalawampu't apat na oras.

105 Ang Diyos ay tapat sa Kanyang pangako, kahit ano pang gawin Niya para isakatuparan 'yun; sasairin ang Kalangitan bago Niya hayaang mabigo ang Kanyang Pangako. Hinding-hindi Siya gumawa ng pangako na hindi Niya kayang tuparin. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng inyong karamdaman. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Amen. "Kung makakaya mong makasampalataya, lahat ng bagay ay ipangyayari."

106 Sinampalatayanan 'yun ni Josue, maski pa itigil ng Diyos ang mundo sa pag-inog. Pinatigil 'yun dun sa pamamagitan ng kung anong Kapangyarihan, Kanyang Sariling kapangyarihan; na ang mundo'y tumigil sa pag-ikot nang dalawampu't apat na oras, hanggang sa mapagtagumpayan ni Josue ang sarili laban sa kanyang kaaway. Kinamit niya ang pintuang-bayan. Tunay, nakamit nga niya. Ang Diyos kasi'y laging tapat.

107 Ngayon kung mayroon lang sana tayong oras para dumako pa sa ibang mga bayani rito, pero nasa sampung minuto na lang ang mayroon ako rito. Masdan, lahat ng mga bayaning ito na katangi-tangi, tunay naman, at dakilang mga magiging sa pananampalataya, lahat sila'y namatay sa harap ng pintuang-bayan ng kamatayan. Lahat sila'y namatay, dun sa mismong harapan ng pintuang-bayan ng kamatayan.

108 Pagkatapos dumating na itong Maharlikang Binhi ni Abraham. Lahat sila'y natural na binhi, mula kay Isaac. Pero heto na nga ang Maharlikang Binhi ni Abraham, si Cristo, ang Binhi ng pananampalataya ni Abraham; kung ano na ba dapat tayo, makikita natin diyan kung tayo ba o hindi. Ang natural na binhi ay isa lamang tipo. Lahat silang iba'y ipinanganak sa natural na kapanganakan, pero Siya ay dumating na isinilang ng isang birhen. Kita n'yo, hindi nga maituturing na binhi ni Abraham, kung ganoon, na maituturing na Judio. Siya kasi'y dumating sa pamamagitan ng binhi ng pananampalataya ng pangako. At, kaya naman, tayo'y kinakailangan na maging mga anak Niya, sa pamamagitan ng Lalaking ito.

109 Masdan n'yo ang ginawa Niya. Nung narito Siya noon sa lupa, Kanyang ginapi at kinamit ang bawat pintuang-bayan ng kaaway; ng Maharlikang Binhi na ito. Ipinangako Niya 'yun sa pamamagitan ng Salita. Ginapi Niya 'yun. Ginapi Niya ang pintuang-bayan ng karamdaman, para sa atin. Yun ang dahilan ng pagpunta Niya rito para gawin. Kanyang, alalahanin n'yo,



mga maysakit, Kanyang ginapi ang pintuang-bayan na 'yun. Hindi n'yo kailangang kayo ang gumapi roon; Siya mismo ang gumapi na roon. Yung ibang kalalakihan ay kinailangan nilang gapiin ang kani-kanilang pintuang-bayan. Pero kayo'y di n'yo na kailangang gapiin pa; gapi na kasi ito. Kanyang ginapi na mismo ang pintuang-bayan ng karamdaman. At ano nga ang ginawa Niya nung magapi na Niya ang mga pintuang-bayan ng karamdaman? Sinabi nga Niya na . . . Anuman ang hilingin n'yo sa lupa, at anumang talian n'yo sa lupa, Kanyang tatalian 'yun sa Langit, ibibigay sa atin ang mga susi ng pintuang-bayan.

110 Ginapi Niya ang pintuang-bayan ng tukso, sa pamamagitan ng Salita. At ang susi ay, "Magsisalangang kayo sa kaaway, at tatakas siya sa inyo." Kanya ngang pinagtagumpayan ang lahat ng ito; ginapi ang bawat karamdaman.

111 Kanyang ginapi ang kamatayan, at Kanyang ginapi ang impyerno. Kanyang ginapi ang kamatayan at impyerno. Ginapi Niya ang mga bagay na hindi nagapi noon ng iba, dahil sila'y mga natural na binhi. Heto na mismo ang espirituwal na Binhi. Ginapi Niya ang pintuang-bayan ng libingan, at bumangon nang ikatlong araw, para sa ating pag-aaring ganap.

112 "At ngayon higit nga tayo sa mga mapagtagumpay." Ang gagawin lang nati'y lumakad mismo dun, na ito'y mana sa atin, "higit sa mga mapagtagumpay." Ngayon tayo'y nakikipagtuos sa isang talunan na kaaway. Ang karamdaman ay talunan na. Ang kamatayan ay talunan na. Ang impyerno ay talunan na. Lahat ay talunan na. Oh, grabe! Kung dobleng beses lang sana ang laki ko, ngayon marahil mas dobleng beses ang ramdam kong kaigihan. Tayo nga'y nakikipagtuos na sa isang talunan nang kaaway.

113 Hindi na nga nakapagtataka na nagawang sabihin 'yun ni Pablo, nung ipinupwesto na nila 'yung troso, na pagtatagaan nila ng ulo niya, sabi niya, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Pakitaan mo ako ng bagay riyan na magbubunsod sa aking mangilabot nang lubos at humiyaw. Libingan, saan naroon ang iyong pananagumpay, at sa tingin mo ba'y panalo ka na sa pamumulok mo sa akin diyan? Ituturo kita sa libingan na walang laman sa ibayong 'yun; at ako'y nasa Kanya, Kanya akong ibabangon sa huling araw." Isang talunan na kaaway!

114 Ang Maharlikang Binhi ni Abraham! Ngayon, hindi nga magagawa ng natural na binhi na tumuro Roon. Pero haya't magagawa nga ng Maharlikang Binhi ang makapanagumpay, napanagumpay na, dahil Siya'y nanguna na sa atin at ginapi ang bawat pintuang-bayan para sa atin. Siya ngayon, lumipas man ang dalawang libong taon, Siya'y nakatayo sa kalagitnaan natin, ang dakilang Mananagumpay. Hindi lang karamdaman ang Kanyang ginapi. . . Ginapi Niya ang karamdaman. Ginapi Niya ang tukso. Ginapi Niya ang bawat kaaway. Ginapi Niya ang kamatayan. Ginapi Niya ang impyerno. Ginapi Niya ang

libingan, at nagbangong muli. At makalipas man ang dalawang libong taon, heto pa rin Siyang nakatayo sa kalagitnaan natin, sa hapon na ito, ipinakikilala ang Kanyang Sarili, na dakilang Mananagumpay! Amen. Siya pa rin ay narito't nananatiling, buhay, pinagtitibay ang Kanyang pangako, Maharlikang Binhi ni Abraham! Oh, grabe! At ang kaaway nga'y . . .

115 “Kanyang gagapiin ang mga pintuang-bayan ng kanyang kaaway.” Sa kanila, na Binhi, Siya'y nakatayo ritong buhay para patotohanan ang Kanyang Sarili kanino? Sa mga itinalaga na Binhi nang sa gayon makita nila ito. Pinagtagumpayan Niya 'yun. Na, pagkatapos ng panunubok sa kanya, sa ipinangako dun sa Salita, sila'y natatakan ng Espiritu Santo, tungo sa Katawan ni Cristo, na sa kanila'y pinatotohanan (ang ano?) na totoo nga ang Mga Hebreo 13:8. Sila'y natatakan na roon sa Espiritu Santo, nung Espiritu Santo na . . . Paunang nakita na noon dun ni Abraham; na sa pananampalataya ay kanya itong sinampalatayanan. At ngayon natanggap na natin Ito mismo, sa pagtingin dun sa pangako na Kanyang sinambit noon. At ang Juan 14:12 ay pinatotohanan na ngayon sa huling mga araw na ito, sa pamamagitan ng Mananagumpay na nagbangong muli, Mismo.

116 Hindi sa pamamagitan ng kung anong sistema; bagkus sa pamamagitan ng isang Persona, si Cristo, ang Mananagumpay. Hindi sa pamamagitan ng iglesia, hindi itong iglesyang Baptist ko, o Presbyterian mo, Methodist, o ng mga Pentecostal man, hindi nga sa pamamagitan nun; kundi sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Siya'y buhay ngayon. Siya'y nagbangon para dun, para sa ating pag-aaring ganap.

117 At dahil Siya'y nabuhay, sabi Niya'y mabubuhay rin tayo. “Ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salita,” hindi bahagi lang ng Salita, “bawat Salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos.” “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, siya man ay patay, siya'y mabubuhay. Ang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na mamamatay. Sinasampalatayanan mo baga ito?” Kubkubin n'yo ang bawat pintuang-bayan ng kaaway!

118 Papaano niya magagapi si Bosworth, kung ang Diyos . . . si Bosworth ay naparoon na sa Mananagumpay. At 'yan nga ang dahilan kaya naman nasabi niya, “Ang pinaka maligayang oras ng buhay ko ay itong sandaling ito mismo.” Uh-huh. Nakilala niya ang Dakilang Mananagumpay na 'yun. Ang katiyakan niya ay nakalagak na dun sa Kanya. Oh, grabe! Ngayon nga'y maaawit natin:

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;  
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;

Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y  
 ariing ganap nang walang bayad kailanman,  
 Balang araw Siya nga ay darating, oh, Araw na  
 walang kasing ningning!

<sup>119</sup> Sa mga tao riyon na para bang talunan ang pakiramdam  
 nila. Si Eddy Perronet, sa palagay ko'y siya nga, hindi niya  
 maipagbili-bili ang mga pang-Cristianong awitin niya. Wala  
 kasing may gusto. Ayaw nilang magkaroon ng kaugnayan dun.  
 Oh, talunan ang pakiramdam, at gayong mananampalataya!  
 Isang araw, dumating sa kanya ang Espiritu Santo. Yung  
 pintuang-bayan ng kanyang kaaway, na di matanggap-tanggap  
 ang kanyang panitikan! Pinuspos siya ng Espiritu, at dinampot  
 niya ang kanyang panulat, ibinunsod sa kanya ng Diyos na  
 maisulat ang pampasinayang awitin na ito.

Ipagbunyi ng kalahatan ang kapangyarihan ng  
 Jesus na Pangalan!  
 Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod  
 magpatirapa;  
 Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema,  
 Siya'y putungang Panginoon ng buong lahat-  
 lahatan.

<sup>120</sup> Ang bulag na si Fanny Crosby, isang beses. Sabi, "Ano ang  
 halaga nito sa iyo?" May ilan. . .Hindi nga niya ipinagbili ang  
 kanyang pagkapanganay gaya nung ginawa nung Pentecostal na  
 si Elvis Presley, o nung taga-church-of-Christ na si Boone, o gaya  
 nung ginawa ni Red Foley, ipinagbili ang kanilang mga talento  
 sa sanlibutan; hile-hilera ang kanilang mga Cadillac, at milyong-  
 dolyar, na mga plaka de oro. Pero si Fanny Crosby ay nanatiling  
 tapat sa kanyang pinaninindigan. Napasigaw siya:

Iyo akong huwag lalampasan, Oh mabining  
 Tagapagligtas,  
 Iyong dinggin ang aking pananambitan;  
 Habang sa iba Ikaw ay nananawagan,  
 Iyo po akong huwag lalampasan.  
 Ikaw ang Daluyan ng lahat ng aking kaaliwan,  
 Siyanga't higit sa aking kinabubuhayan,  
 Sino pa bang iba sa lupa ang mayroon ako  
 kundi Ikaw lamang?  
 O sino pa bang iba sa Kalangitan kundi Ikaw  
 lamang?

<sup>121</sup> Ang sabi nila, "Paano kung bulag ka pa rin pag-akyat mo sa  
 Langit?"

Sabi niya, "Makikilala ko pa rin Siya, ano't anupaman."

Sabi, "Papaano mo Siya makikilala?"

Sabi, "Makikilala ko Siya."

Sabi, “Gng. Crosby, sayang at kikita ka sana ng milyon-milyong dolyar.”

Sabi niya, “Ayaw ko ng milyon-milyong dolyar.”

122 “Papaano mo Siya makikilala?” Ang sabi niya:

Siya’y makikilala, Siya’y makikilala,  
At tinubos sa Kanyang tabi ako ay titindig;  
Siya’y makikilala, Siya’y makikilala.

123 “Hindi ko man Siya makita, makakapa ko naman ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay.” Kanya ngang ginapi ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Oo.

124 Kung kayo nga’y nakay Cristo! Sabi Niya, “Kung kayo’y magsisipanatili sa Akin, at ang Aking mga Salita ay magsisi panatili sa inyo; anumang susi ang inyong hingin, anumang pintuang-bayan ang ibig ninyong kunin; hingin ninyo lamang ang ibig ninyo, at ito’y ipagkakaloob sa inyo. Kung kayo’y magsisipanatili sa Akin, at ang Aking Salita ay magsisipanatili sa inyo, magagawa ninyong kunin ang pintuang-bayan ng kaaway na nakahambalang diyan sa harapan ninyo.” Kayo ang maharlika ng Binhi ni Abraham.

125 Anong klaseng pintuang-bayan ang nakahambalang diyan sa harapan n’yo? Kung karamdaman ’yan, higit nga kayo sa mapagtagumpay na harapin ito. Kaya naman masasambit natin ito, maaawit natin ang mapagbiyayang lumang awiting ito:

Bawat pangako sa Aklat ay kamit ko,  
Bawat kabanata, bawat talata’y...anupa’t  
sadyang Makalangit,  
Ako’y nananalig sa Pag-ibig Niyang  
Makalangit,  
Pagkat ang bawat pangako sa Aklat ay kamit  
ko.

126 Higit nga tayo sa mapagtagumpay, at kakamtin talaga ng Binhi ni Abraham ang pintuang-bayan ng kaaway! Sa panahon na sinasabi nilang ang mga Bagay na ito’y di mangyayari, sa tuwing tatawag-tawagin nila Itong sa diyablo, o Beelzebub, o anupamang iba, ang Diyos nga’y tiyak na gagapiin ang bawat pintuang-bayan at gagapiin ang kaaway.

Manalangin tayo.

127 Panginoon, nawa’y ang Binhi ni Abraham... Alam ko pong makikita nila Ito, Panginoon. Papaanong mangyayari na ang Salita’y babagsak nang di man lang napupunta sa tunay na Punlaan? Dalangin ko na maunawaan na nila ito ngayon. Nawa ang bawat tao na dumudulog sa pila para sa pananalangin ay mapagalang.

128 Panginoon, kung mayroon pong ilang narito, na hindi pa sila nakakapagpahayag ng kanilang pagpapahayag, na hindi pa nakatatayo sa harap ng marami at nakatatayo para kay Cristo,

na handa nang talikuran ang lahat ng mga kredo at malamig, na pormal, na mga patay na bagay na umagaw sa kanila mula sa Iyo. At nawa nga'y makatayo na sila ngayon, at masabi, "Akin nang tinatanggap Siya bilang aking Tagapagligtas." Kung kaya naman Ikaw ay tatayo para sa kanila sa Araw na 'yun.

129 Habang nakayuko ang ating mga ulo, kung mayroon po rito na nagnanais tumayo sa sandaling ito, para sa pananalangin, sabihin, "Ninanais kong tumayo para sa Kanya sa sandaling ito ngayon, nang sa gayon Siya ay tatayo para sa akin sa Araw na iyon, sa Kanyang Makalangit na Presensya." Hinihiling ko sa inyo, at binibigyan ko kayo ng pagkakataon na ang inyong pangalan ay mailagay sa Aklat ng Buhay, kung maaari lamang po na tumayo. Hindi ko ipinamamanhik sa inyo na umanib sa kung anong iglesya. Ang ipinamamanhik ko sa inyo ay lumapit kayo kay Cristo, sa mga inyo na narito na di pa nakakakilala sa Kanya.

130 Pagpalain ka ng Diyos, iho. Mayroon pa po ba, magsasabi, "Ako'y—ako'y nagnanais nang tumayo ngayon." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. "Nagnanais akong..." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. "Gagawin ko ngayong manindigan, sa hapon na ito." Heto nga ang kalugud-lugod na mga taong ito, kalalakihan at kababaihan, na tumatayo, "Ako'y maninindigan, sa hapon na ito."

131 At sa araw na 'yun na sasabihin ng doktor, "Buweno, wala na; ang dugo niya'y nag-aagas na, mamamatay na ang lalaking ito, o babaing ito." O, sa isang umagang 'yun, maaalala mo ang pagtindig mo. Tumindig ka para sa Kanya sa oras na ito.

132 "Kung Ako'y ikinahihiya mo sa harap ng tao, Akin kang ikahihiya sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel. Subalit kung iyong ipahahayag sa harap ng tao, siya nga'y Aking ipahahayag sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel."

133 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. Mayroon pa po ba riyang sa balkonahe kung saan? Ngayon na po mismo, habang naghihintay pa tayo. May ilan pa ba riyang, may ilan pa ba sa pinaka ibabang palapag? Sige po. Nagtitiwala ako sa iyong paninindigan, kaibigan.

134 Kung ang Salita ay mahuhulog sa matabang Punlaan, gaya nung munting babae sa may balon, kanya ngang—kanya ngang napag-unawa. Siya'y may pagkakakilanlan na sa Langit, mula pa nung tatag-... bago pa maitatag ang mundo. Nung tamaan Ito ng Liwanag, kanya Itong napagkilala.

135 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Isa nga 'yang magiting na... Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Marahil may mga dakilang bagay ka na nagawa sa buong buhay

mo; pero ito na ang pinaka dakilang bagay na magagawa mo, ito ngang ngayon, na tumatayo ka para kay Cristo.

<sup>136</sup> Makalangit naming Ama, ang binhi ay naihulog na sa punlaan, ngayong hapon na ito. Nakikita namin ang Buhay na umuusbong. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagsitayo na sa kani-kanilang mga paa, at ang mata ng Diyos na nakikita ang lahat, Na nasa lahat ng dako, nakababatid ng lahat ng bagay, pinaka makapangyarihan sa lahat, ay nakikita ang mga ito. Sila'y sa Iyo, Ama. Akin silang idinudulog sa Iyo ngayon, bilang mga tropeo.

<sup>137</sup> Nawa po sa karanasan nilang ito na tumayo rito ngayon, na nababatid ang ginawa nila, nababatid ang kahalagahan nito, na sila'y tumayo kasama ang mga kakaunting ito na hinamak na mga pagmamay-ari ng Diyos. Nawa sila'y manatiling tapat hanggang sa Araw na 'yun na tatayo na sila sa Iyong Presensya, hayan ngang magsasalita ang kaibig-ibig na Tinig na 'yun, "Oo, may isang araw noon sa Baton Rouge, o munting dako na 'yun na ang tawag ay Denham Springs, siya ay tumayo para sa Akin, Ama, ngayon Ako naman ang tumatayo para sa lalaking ito, o babaing ito." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sila'y sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, dahil tumayo ka. Ang Diyos nga'y . . .

<sup>138</sup> Ngayon gawin n'yo po ang isang bagay na ito para sa akin. Maghanap po kayo, kung mayroon diyan sa paligid n'yo na mga pastor, makipagkita kayo sa ilan sa kanila, makipag-usap po kayo sa kanila. Kung hindi pa po kayo nababautismuhan, sa Cristianong pagbabautismo, gawin n'yo po. Sumama po kayo sa piling ng mga mananampalataya ngayon, tunay na mga mananampalataya, hindi kunwang-mananampalataya; tunay na mananampalataya.

Habang nananalangin tayo, ipanalangin po natin ang mga panyong ito rito.

<sup>139</sup> Makalangit na Ama, ang mga panyong ito'y ipadadala po ngayon; sa mga dako, na hindi ko po alam. Marahil sa isang kaawa-awang bulag na tatay na nakaupo rito sa isang munting latian sa kung saan, hinihintay ang panyong ito na dumating; sa isang munting sanggol na nakaratay sa higaan sa ospital; sa isang nanay na nakatayo, alalang-alala, na hinihintay na maka balik itong panyong ito. Makalangit na Ama, dalangin ko po na Ika'y sumama sa kanila. At bilang tanda ng Iyong Presensya sa oras na ito, at ng aming pananampalataya sa Iyo sa oras na ito na naipangaral na po ang Iyong Salita, ang pananampalataya nawa na naroon noon kay Abraham, at ang pananampalataya na naibunsod at ibinigay sa amin ni Jesus Cristo, nawa nga'y lumakip ito sa mga panyong ito't mapagaling ang bawat isa na mapapatungan nito. Ipinapadala po namin ang mga ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

140 Ngayon kaunting sandali lamang po, bago tayo tumawag ng pila para sa pananalangin. Ang pinaka makapangyarihan sa lahat at makapangyarihang Diyos, ang Isa na dakila, ang Isa na may buong-kasapatan. . . Maaari po, mga kaibigan, ako—ako’y bababa na para simulang manalangin para sa mga may sakit, at ako. . . Marahil, sa inyo pong pagdulog, ako—ako nga’y hindi marahil makapagsabi sa inyo ng kung ano; ang iba sa inyo ay marahil nakalampas na sa oras na ’yun. Anuman po, kung di pa po kayo nakatatayo, kanina, at di kayo sigurado. . .

141 Kung isa po kayong miyembro sa iglesya, mainam na bagay ’yan, pero di ’yan sapat. Kita n’yo, ’yung mayaman na binatang pinuno ay miyembro rin naman ng iglesya. Kita n’yo? Siya’y nagtanong kay Jesus kung anong puwedeng gawin niya para magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi nga niya Ito tinanggap. Lumakad siya palayo. Isa nga ’yung napaka hangal na bagay na ginawa nung binatang ’yun. Huwag n’yo siyang tularan. Naalala n’yo ba ’yung huling pagkakataon na siya’y nabanggit uli? Di naglaon, siya’y yumaman. Yumaman pa siya lalo. Dumating siya sa punto na ’yung mga kamalig niya’y masisira na sa dami ng laman. Pero heto’t makikita natin ’yung huling beses na nabanggit siya, sa impyerno, pinahihirapan ng mga apoy. Huwag, huwag n’yong hayaan na mangyari ’yan sa inyo. Tanggapin n’yo si Cristo.

142 Kayo na mga kabataan, mga kabataang babae, kabataang lalaki, na papahinog na sa buhay, gawin n’yo po ’yan. Dinggin n’yo ako, na parang—parang kuya n’yo, isa na nagmamahal sa inyo. Narito ako dahil mahal ko kayo. Mahal ko ang Diyos, at mahal ko kayo, at di ko magagawang mahal in ang Diyos kung di ko naman kayo minamahal.

143 Mas nanaisin ko nang higit, na kung may magandang bagay kayo na masasabi, sa anak ko na lang na lalaki ito sabihin, o sa isa sa mga anak ko. Mas gugustuhin ko. . . Ako, kung sa akin lang ay kahit di na ako ang masabihan. Kahit sinong magulang ay ’yan ang gagawin; ganoon din ito sa Diyos. Kita n’yo? Mahalin n’yo ang Kanyang mga hirang. Mahalin n’yo ang isa’t isa.

144 Sasabihin n’yo, “Bakit mo sila nabubulyawan?” Ang tunay na pag-ibig ay nagwawasto.

145 Kung makita n’yo ang anak n’yo na nakaupo dun sa may kalsada mismo; tapos sasabihin n’yo, “buweno, hayun nga roon si Junior na nakaupo dun. Hindi niya dapat gawin ’yun, pero ayaw ko namang masaktan ang damdamin niya.” Hindi n’yo siya mahal kung ganun. Mapapatay siya roon. Kung mahal n’yo siya, dadalhin n’yo siya sa loob at papaluin. Pasusunurin n’yo siya.

146 Ganoon nga ang pamamaraan ng Diyos. Ang pag-ibig ay nagwawasto, at ganyan ang tunay na pag-ibig.

147 Kapag ang isang mangangaral ay tatayo at hahayaan lang kayo na mga kababaihan na gupitan n’yo ang inyong buhok,

at maglagay ng kolorete at kung anu-ano, at di man lang kayo maiwasto, walang tunay na pag-ibig diyan; at di man lang 'yun masaway. Tapos hahayaan kayong kalalakihan na magsipag-asawa nang tatlo o apat na beses, at lahat ng mga ibang bagay na ito, at hahayaan lang, wala ngang tunay na pag-ibig diyan. Paaanibin kayo sa iglesya, at tatapik-tapikin ka sa likod, at isasalaksak sa iyo ang kung anong kredo, tapos, "Yan lang ang dapat mong gawin, ang umanib sa banal na iglesya," walang pag-ibig diyan. O, baka naman, ang mangangalar na ito'y lubos na ligaw rin siya mismo, hindi niya 'yun makita.

<sup>148</sup> Ang tunay na pag-ibig ay nagwawasto, at nagdadala sa iyo pabalik sa Salita ng Diyos.

<sup>149</sup> Tingnan n'yo nga si Jesus, kung paanong, heto nga't ang sabi niya, dahil sa iniibig Niya sila, ganoon na lamang na higit na anupa't Siya'y namatay sa halip na sila, gayong sila mismo ang nagbunsod na dumanak ang Kanyang Dugo.

<sup>150</sup> Ngayon nawa ang dakilang Espiritu Santo. . . Nais ko lang pong maghintay nang ilang minuto. Naghihintay lamang po ako hanggang sa ang pahid ng Espiritu Santo ay mapasa akin, bago lamang tayo magsimula. Kanina pa po ako nangangaral. Salamat, sa inyong pakikipagtulungan.

<sup>151</sup> Ngayon, bawat isa sa inyo rito, saanman kayo naroon, saan man dito sa gusali, manalangin muna pansumandali, sabihin, "Panginoong Jesus, Iyo pong tulungan ako! Tulungan ako! Iyong itulot na mahipo ko ang Iyong damit." Sabi ni Jesus, alam n'yo ba, nung hipuin nung babae ang Kanyang damit, hindi Niya 'yun naramdaman, sa pisikal, bagkus lumingon Siya at nabatid kung sino 'yung babae at kung anong ginawa nung babae. Siya nga'y siya pa ring Jesus na 'yun sa hapon na ito, isang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo't mahabag sa ating kahinaan.

<sup>152</sup> Nananampalataya na ba kayo, bawat isa sa inyo ngayon, na totoo ito, na ang Diyos na nangako ng pangakong ito, ay muli (at nawa'y Kanya po itong ipakita) na tayo'y nabubuhay na sa mga araw ng Sodoma? Ilan po ang naniniwala rian, dito sa gusali, itaas n'yo lang po ang inyong kamay.

<sup>153</sup> Tayo nga'y nabubuhay, kung paanong ganoon na ganoon 'yun noon, sa Sodoma. Ang buong sistema'y talagang nasalaula na, ang sistema ng mundo, lahat, sistema ng iglesya, sistemang politikal. Wala nang natira. Ang pulitika'y ganoon na lamang kabulok. Ang mga sistema, sa lahat ng dako, ang ating mga diktador, lahat ay kabulukan. Ganoon na rin ang nangyari sa kaiglesyahan. Ganoon na ganoon din ang nangyayari sa mga pamilya. Sadyang kabulukan, Sodoma na!

<sup>154</sup> Hayan nga't, alalahanin n'yo, dati nang sinabi 'yan ng Diyos sa inyo, haya't alalahanin n'yo na Kanyang sinabi na Kanyang ipakikilala ang Kanyang Sarili sa katawang tao, at gagawin kung ano ang ginawa Niya noon sa Sodoma, bago dumating ang



ipinangakong Anak sa eksena. Nangako nga Siya na magsusugo ng mangunguna sa pagdating ng ipinangakong Anak, gaya ng ginawa Niya nung una, na may magpapakilala; at ang sabi Niya, “Sa panahon na inihahayag na ang Anak ng tao.”

<sup>155</sup> Hindi kita kakilala. Buweno, Binibining Thompson, ‘yang sakit mo na pambabae at mga komplikasyon, sumasampalataya ka ba na pagagalangin ka ng Diyos? Masasampalatayanan mo ba ‘yan? Magagawa mo? Binibining, Binibining Thomas, ikaw ba’y sumasampalataya na magagawa ka Niyang pagalangin? Itaas mo ang iyong mga kamay, kung ganun.

<sup>156</sup> May ginang na nakaupo riyang sa likuran mo. Nananalangin siya. May arthritis siya.

<sup>157</sup> Yung isa naman na nakaupo sa tabi niya, may sakit sa tiyan, nananalangin din. Mapapalampas n’yo ito, kung di kayo magmamatyag. Hindi kayo taga-rito. Taga-Mississippi kayo. Kayo sina G. at Gng. Stringer. Kung kayo’y sumasampalataya nang buong puso n’yo, pagagalangin kayo ni Jesus Cristo. Kung inyo lamang masasampalatayanan ito. Sumasampalataya po ba kayo? Kung ganon matatanggap n’yo ito. Sige. Itaas n’yo ang inyong mga kamay para makita kayo ng mga tao na kayo ‘yan.

<sup>158</sup> Hindi ko kakilala ang mga taong ito. Di ko pa sila nakikita kahit kailan, sa buong buhay ko. Kinakailangan n’yong maka sampalataya, kaibigan. Kanya nang ipinakikilala ang Kanyang Sarili. Sinasampalatayanan n’yo po ba ‘yan, nang buong puso n’yo? [Sinabihan ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>159</sup> Bakit mo itinungo-tungo ang iyong ulo, ginoo, at tumingin sa akin nang ganyan? Siyanga, ginoo. Dahil sumampalataya ka talaga, makikipag-usap ako sa iyo pansumandali. Medyo may katandaan ka na na lalaki na nakaupo riyang, nakatingin sa akin. Tumingin siya sa akin, nang may lubos na sinseridad. Kanya itong sinampalatayanan. Nananalangin ka para sa iba na na-stroke. Pero—pero ang pinaka dahilan kung kaya naman nananalangin ka, ay kailangan mo, ninanais mong makamtan ang bautismo sa Espiritu Santo. Tama. Uh-huh. Tama. Kung sasampalatayanan mo ito! Dito naman sa binibini, gusto mong matanggap sa trabaho. Maliban dun, nang sa gayon malaman mo na ako’y propeta ng Diyos, o lingkod, ikaw nga’y dumaan sa dalawang operasyon. Nanghihina ka tuloy dahil dito. Lahat na ng iba’t ibang klaseng kalagayan, espirituwal na kaligaligan. Gusto kong sabihin sa iyo na tapos na itong lahat. Ang pananampalataya mo’y pinagaling ka na.

<sup>160</sup> [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...nakaupo sa tabi mo riyang. Nananalangin siya. Tumingin ka rito. Dininig ka Niya, at iyo Siyang nahipo. Hindi kita kakilala, pero nakikilala ka nga Niya. Sasabihin ko sa iyo kung anong ipinapanalangin mo. Iyo bang sinasampalatayanan ‘yan ng buong puso mo? May sakit ka sa apdo, ‘yan ang ipinapanalangin mo. Makasasampalataya ka

ba na pagagalingin ka ng Diyos at paiigihin ang lagay mo? Ikaw si Gng. Smith. Tama. Itaas mo ang iyong kamay.

<sup>161</sup> Kita n'yo, ipinakikilala Niya ang Kanyang Sarili. Ano ito? Ito ang Binhi ni Abraham, ang kamit na pananampalataya ni Abraham, ang Panginoong Jesus Cristo na nasa piling natin, pinatotohanan ang Kanyang Salita, na may kalakip na mga tandang sumusunod.

<sup>162</sup> Sinu-sino po, ilan po rito ang may mga prayer card para maipanalangin, itaas n'yo lang ang inyong mga kamay, na may hawak na card? Oh, siguro'y simulon na natin ang pila para sa pananalangin.

<sup>163</sup> Kita n'yo, inyo naman itong naunawaan na hindi po ba? Ngayon ang espiritung 'yun ay di lang. . .Hindi po 'yun ang nagpagaling. Ipinagkikilanlan lang nito na Siya'y narito. Ang inyo pong mga pastor ay may ganoon ding kapamahalaan na ipanalangin ang mga maysakit. Hindi sila ang nagpapangyari nun; hindi nga, siyanga naman. Pero sila—pero sila ay may taglay na siya ring kapamahalaan, “Lalakip ang mga tandang ito sa mga mananampalataya.”

<sup>164</sup> Ngayon hinihiling ko sa mga kaibigan kong pastor dito. (Kung ayos lang po, tawagin mula sa mga taong narito. . .? . . .)

<sup>165</sup> Ilan po sa mga pastor dito ang nagsisisampalataya nang buong puso n'yo, mga ministro rito, na nananampalataya? Oh, salamat po. Iniisip ko kung mamarapatin n'yo pong tumayo? Lumapit lang kayo rito, tumayo rito sa tabi ko pansumandali, dito po sa banda rito, ipanalangin ang mga may sakit. Sige po't pumarito lamang sa banda rito. Ngayon inyo pong pagmasdan ang pagpapangyaring ito ng pagpapagaling, pagmasdan n'yo po ang mangyayari.

<sup>166</sup> Hinihiling ko po sa inyo na lumapit lang, bumuo lang ng—ng dalawang pila sa banda rito. Bababa na po ako maya-maya, para ipanalangin ang mga maysakit. Hinihiling ko po sa mga nagsisisampalatayang pastor na nagnanais na mapagkilianlan ang kanilang mga sarili na mga mananampalataya. Na, kayo nga'y sumasampalataya talaga, na kayo nga'y lalapit dito, na namumuhay kayo ng isang banal, malinis na buhay. Tandaan, tingnan n'yo po itong mga nagsisilapit dito, kinakatawan ang Ebanghelyo ni Cristo!

<sup>167</sup> Kapatid na Blair, nakikilala kita riyan, ikaw o si Kapatid na Pat. Maaari lang po bang gumawa tayo ng dalawang pila rito gaya ng lagi n'yong ginagawa, kung maaari po, ikaw at si Kapatid na Pat.

<sup>168</sup> Mga nagsisisampalatayang pastor na makasasampalataya! Ngayon, masdan, kung may kakayahan ang Diyos na ipakilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa Kanyang Salita, ilan po rito ang nakakaalam na dun sa Biblia, sinabi ito ni Jesus, “Ang mga tanda na ito ay lalakip sa kanila

na mga magsisisampalataya. Kung papatungan nila ng mga kamay ang mga maysakit, sila'y magsisigaling"? Mga pastor, nagsiparito nga kayo upang ipagkilanlan ang inyong mga sarili na mga mananampalataya. Di po ba? Mga mananampalataya kayo (hindi po ba?), dahil kung hindi'y hindi kayo tatayo rito. Ngayon ano 'yung sinabing 'yun noon ni Jesus? "Ang mga tanda na ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya." Ako po'y kapwa mananampalataya kasama n'yo.

<sup>169</sup> Ako po'y bababa na. Heto po ang ating mga tao, at tayo ay mga pastol na namamahala sa mga kawan na ito. Ako po'y bababa na para iunat ang aking lambat sa inyo ngayon, ipatong ang aking mga kamay kasama ng sa inyo. At sa pagdaan ng mga tao rito, kung mayroon po kayong kahit kaunting pag-aalinlangan sa inyong isip, iwaksi n'yo na po 'yan agad ngayon; nang sa gayon sa pagdaan ng mga tao rito, haya't sa paglapit ng bawat isa, at papatungan natin sila ng mga kamay, sila nga ay magsisigaling. Inyo po bang sasampalatayanan 'yan nang buong puso n'yo ngayon, bawat isa? [Sinasabi ng mga ministro, "Amen."—Pat.]

<sup>170</sup> Ilan naman sa mga narito ang mananalangin din sa iba sa pagdaan nila rito, itaas n'yo nga ang inyong kamay, "Ako'y mananalangin."

<sup>171</sup> Alalahanin n'yo, puwedeng ito ang inyong tatay, inyong nanay, inyong anak na babae o anak na lalaki, kapatid na babae o kapatid na lalaki. At kung di naman po, sila nga'y ganoon sa kung sinuman, na dadaan dito sa pilang ito. At ano po kaya kung sila nga ito, at sila'y mamamatay na sa kanser, o sa kung anong katakut-takot na sakit, hindi po ba't nagnanais nga kayo na ang mga kalalakihan dito'y marapat na ganoon na lamang kataos-puso? Tunay, ganoon nga ang gagawin natin.

<sup>172</sup> Ngayon, sa palagay ko, papaano ba natin. . . Ngayon sa mga narito sa hanay na *ito* rito, sa pasilyong ito, tumayo po kayo sa gilid na *iyon* dun, hawak ang prayer card. Tumayo lang kayo sa gilid na 'yun, lahat po ng nasa kanang bahagi. Ngayon, dun naman sa, manatili lamang kayo riyon sa mga nasa kaliwang bahagi; siksikan na kasi tayo rito, kita n'yo, at di n'yo alam kung paano ba, ano bang pag-usad natin. Sige po, sa lahat po ng nandito sa bahaging *ito*, tumayo po kayo *rito*. Ngayon, ang lahat naman ng nasa kanang bahagi, dito po kayo dadaan sa gawi na ito, dahil uusad nga kayo rito, iikot dito.

<sup>173</sup> At paano n'yo, paano sila lalabas, Kapatid na Borders? Dito na lang sa pintuan sa kanan, iikot na lang dun at papasok uli ng gusali.

<sup>174</sup> Kaya, kapag tatawagin na ang hanay na *ito*, sa kaunting sandali pa, at sila nga'y magsisitayo. At tingnan natin ngayon kung anong. . . Sige, lahat ng nasa bahaging *ito*, bumaling po kayo rito sa gilid na ito rito. Hawakan n'yo lang ang inyong mga

prayer card, magpunta kayo sa gilid na ito rito. At kayo naman sa balkonahe, lumakad kayo pababa para salubungin sila sa dulo ng hanay na ito roon. Ngayon sa mga narito naman sa kaliwang bahagi, magpunta lang kayo sa kaliwang gilid. At pagkatapos, kita n'yo, diyan kayo bumuo ng pila n'yo at sa gawing *iyon* kayo dadaan; paikot dun, umikot sa gawing *iyon*. Kita n'yo? At sundan n'yo lang 'yung pila na paikot dun, para di magkagulo ang pila.

<sup>175</sup> At kayo po rian sa balkonahe, magpunta lang kayo rito sa puwesto n'yo sa mga pasilyo rito, at unti-unti lang sumama sa pila habang papalapit sila rito.

<sup>176</sup> Ngayon, ngayon sige po't dumiretso lang sa likod, bawat isa, dumiretso lang po sa likod hanggang sa makadugtong kayo sa pilang ito *rito*. Sige po't umikot lang sa banda rito, papunta *rito*, lumakad lang paikot at dumugtong kayo sa pilang ito *rito*.

<sup>177</sup> Oh, nakakasabik ang mangyayari ngayon sa mga oras na ito! Nakakasabik ang mangyayari! May ipangyayari talaga sa mismong oras na ito rito. Sige po.

<sup>178</sup> Ngayon, tama po, dumiretso lang sa likod sa gawi *roon*, at dumugtong lang diyan sa linya, gaya n'yan. Dito kayo dumaan sa pasilyong ito. Dito po ang daan.

<sup>179</sup> At ngayon sa pagkakatayo n'yo, lahat ay tumayo na, tayo po'y dudulog muna ng pananalangin. At ang kongregasyon na ito ay mananalangin kasama ko, na kayo'y magsigaling. Sige't manampalataya po lamang. At huwag. . .

<sup>180</sup> Sige po't umikot lang dito, dumiretso sa pinaka likod sa likod, paikot lang sa banda rito at dumugtong kayo sa linyang ito sa likod dito. Umikot lang, bumuo ng isang mahabang pila. Umikot kayo sa gawing ito *roon*, at pagdugtong n'yo lang sa isang pila 'yan. Siyanga.

<sup>181</sup> Ang bawat isa'y tumaimtim sa pananalangin. Lumagak kayo sa pananampalataya ngayon. Huwag n'yong pansinin ang madla ngayon. Alalahanin, tayo'y—tayo'y nababalot ngayon sa Presensya ni Jesus Cristo, inaasahan tayo na tanggapin ang bagay na ipinangyari Niya sa gitna natin, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Kanyang Salita.

<sup>182</sup> Napakainam. Ngayon napakainam nga n'yan. Sa palagay ko umaayos na ang daloy ng pila.

<sup>183</sup> Ngayon habang lahat sila'y nakatayo, hinihiling ko po sa bawat isa ngayon, sa loob ng gusaling ito, na iyuko n'yo ang inyong ulo.

<sup>184</sup> Panginoong Jesus, napipinto na itong maipangyari. Ang pagpapasya ay kinakailangan nang mabuo ngayon. Kung kami ba'y nananampalataya na narito Ka nga? Kami ba'y umiibig talaga sa Iyo? Ang pananampalataya ba namin, Panginoon, ay sapat sa bagay na amin pong hihilingin? Ipinagkikilala ng mga taong ito rito ang kani-kanilang mga sarili sa pagtayo rito sa

pilang ito. Panginoon, nawa po'y hindi ito mauwi sa walang kabuluhan. Mangyari nawa, Panginoon, na sa pagdaan po nila rito, ang bawat isa ay dadaan na mistula bang dumadaan sila sa ilalim ni Cristo, dahil nababatid namin na Siya'y narito talaga. At amin pong idinadalangin na kanilang tanggapin ang kagalingan nila. Nakakasigurado po ako na sa mga sanglinggo at sanglinggo na darating, ang mga tao na ito'y magsisilapit sa kanilang mga pastor, mga kababaihan na nagkaroon ng sakit na pambabae, sakit sa tiyan, mga kalalakihan na nagkaroon ng sakit sa prostate, lahat ng kung anu-anong sakit, na napagaling na, magsasabi, "Alam n'yo po, nilisan na ako ng sakit na 'yun," sapagkat sila'y napasa Presensya Mo. Nawa'y dumaan na sila rito ngayon at—at humugot dito sa bagay na ito sa ikinamatay Mo. Sila'y Binhi ni Abraham, at Ikaw nga'y nagpanagumpay para sa kanila. Nawa lumapit sila at matanggap ang bagay na Iyong ipinagkaloob sa kanila.

<sup>185</sup> At, Satanas, ikaw nga'y lantad na lantad na sa buong sanglinggong ito, na anupa't alam mong talunan ka nang nilalang. Ginapi ka na ni Jesus Cristo sa Kalbaryo. Siya'y nagbangon sa ikatlong araw, para sa aming pag-aaring ganap, at Siya'y nakatayo na mismo rito sa kalagitnaan namin. At ang aming pananampalataya'y nakatuon na sa Kanya, at naka pihit na palayo sa iyo o sa anupamang bagay na ginawa mo. Lisanin mo ang mga taong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>186</sup> [Sina Kapatid na Branham at mga ministro ay nagpapatong ng mga kamay sa mga maysakit at ipinapanalangin ang bawat isa sa pila para sa pananalangin. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...?...

<sup>187</sup> Nagawa na natin ang iniaatas sa ating gawin ng Panginoon. Ilan sa inyo na dumaan sa pila, ang nananampalataya na kayo nga'y gagaling na, itaas n'yo ang inyong kamay. Itinataas ko rin ang kamay ko kasama n'yo.


<sup>188</sup> Yung ginawa nga namin kanina, nung patapos na, bilang isang grupo ng mga ministro rito; marami sa kanila ang may sakit, alam ko 'yan, pero ginagawa talaga nila ang buo nilang makakaya para papuntahin ang kongregasyon nila, makadaan man sila mismo o hindi. Mga tunay na pastol talaga. At sinabi nga sa akin ng Espiritu Santo kanina, "Sabihin mo sa kanila na maghawak-kamay sila sa isa't isa." Amin ngang hinahabi ang aming mga puso at mga lambat nang magkakalakip, at ang aming mga pananalangin, nang magkakalakip.

<sup>189</sup> Jesus, Iyo rin pong pagalingin sila, sila din. At Iyong gawin sila na mga matatag na pastol, matatag sa Salita ng Panginoon.

<sup>190</sup> Nawa po Diyos, ang mga kapatid kong ito, nawa Kanyang ipagkaloob sa inyo ang lahat ng pagnanais ng inyong puso. Inyo nawang paglingkuran Siya sa lahat ng mga araw, at taglayin ang kapangyarihan ng Diyos sa inyong buhay, upang

makapaministro sa kalugud-lugod na mga tao rito. Nawa si Jesus Cristo, Na suma amin ngayon, at nasa amin sa lahat ng pagkakataon, nawa'y Kanyang ihayag ang Kanyang Sarili nang mas hayag na hayag pa kaysa sa pagkakahayag sa Kanya noon.

<sup>191</sup> Sa inyo po na mga narito, ang ilan sa inyo ay mga pilay, maaaring di n'yo pa mapapansin ito pansamantala, maaaring wala pa kayong makikitang pag-igi. Tingnan n'yo lang po ang ginawa ni Abraham. Di niya 'yun inalintana; hindi kasi 'yan ang tinitingnan niya. Huwag n'yong tingnan ang mga sintomas n'yo. Tingnan n'yo ang bagay na sinabi Niya. Kung sasabihin mo, "Nararamdaman ko pa rin 'yung kirot," wala nga 'yang kinalaman dito. Nagawa n'yo na ang sinabi sa inyo ng Diyos na gawin. Kita n'yo, kaya huwag n'yong tingnan ang bagay na 'yan. Tingnan n'yo ang mismong bagay na sinabi Niya. Sinabi na ito mismo ng Diyos! Sinasampalatayanan ko ito, Kayo rin po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nang buong puso ko, akin nga itong sinasampalatayanan.

<sup>192</sup> Pagpalain kayo ng Diyos hanggang sa makita ko kayo uli. Ang pananalangin ko ay laging para sa inyo; na di na didilim nang husto ang gabi, di na lalakas nang husto ang ulan. Lagi akong mananalangin para sa inyo. Inyo lang akong ipanalangin din. Hanggang sa magkita-kita tayo sa muli, pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon sa kapatid na lalaking nagpapastor dito, sige po. 

*PAGKAMIT SA PINTUANG-BAYAN NG*  
*KAAWAY PAGKATAPOS NG PAGSUBOK TAG64-0322*  
(Possessing The Gate Of The Enemy After Trial)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Marso 22, 1964 sa Denham Springs High School sa Denham Springs, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)